

Mga Disaster Prevention Points na Nais Naming Tandaan ng Lahat ng Mga Dayuhan














1 Mga Madalas Gamiting Salita sa Oras ng Kalamidad

| Kanji | Roma-Ji | Tagalog | Kanji | Roma-Ji | Tagalog |
|-----------------|---------------|------------------------|------------------|-----------------|---------------------------|
| しぜんさいがい 自然災害 | shizen saigai | kalamidad ng kalikasan | ちゅういほう 注意報 | chuihō | babala |
| じしん 地震 | jishin | lindol | けいほう 警報 | Keihō | babala/ alarm |
| つなみ 津波 | tsunami | tsunami | とくべつけいほう 特別警報 | tokubetsu keihō | espesyal na alarm |
| たいふう 台風 | taifū | bagyo | きんきゅうじしん 緊急地震 | kinkyū jishin | biglaang babala ng lindol |
| あめ 雨 | ame | ulan | そくほう 速報 | sokuhō | |
| ごうう 豪雨 | gōu | pagbuhos ng ulan | ひなんかんこく 避難勧告 | hinan kankoku | rekomendasyon ng paglikas |
| ひがいそうてい 被害想定 | higai sōtei | tinatanyag pinsala | きんきゅうひなん 緊急避難 | kinkyū Hinan | biglaang paglikas |
| | | | ひなんじょ 避難所 | Hinanjo | evacuation center |


2 Mangolekta Tayo ng Mga Impormasyon

Mangolekta tayo ng mga impormasyon mula sa t.v. o radyo, website sa oras ng lindol, bagyo o pagbuhos ng ulan.



| Nagoya International Center (NIC) | Telephone Service | Gabay sa Paglikas sa Nagoya at Hazard Maps |
|--|---|---|
| <p>NIC Official Website </p> <ul style="list-style-type: none"> Maaaring kumonsulta sa ibang wika. <p>TEL : 052-581-0100</p> <p>→ Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portuges, Pilipino at madadaling salita sa Nihongo</p> | <p>Mapapakinggan sa telepono ang sinasabi sa “Disaster Prevention Speaker”.</p>  <p>Nihongo : 0180-995-926 Ingles : 052-957-9260 Intsik : 052-957-9261 Koreano : 052-957-9262</p> | <p>Mga mapa na madaling malaman ang mga delikadong lugar at evacuation centers (lugar na paglilikasan)</p>  <p style="text-align: center;">Nagoya City Prevention Map </p> |
| <ul style="list-style-type: none"> Ang impormasyon ukol sa paglikas ay aming ilalabas ayon sa ibang wika. <p>NIC Evacuation information </p> <p>Impormasyon sa Paglikas </p> <ul style="list-style-type: none"> Inilalabas din namin ang mahahalagang impormasyon sa Facebook. | <p style="text-align: center;">Safety Tips</p> <p>Bukod sa Nihongo, maari ding makita sa ibang wika ang mga biglaang impormasyon sa oras ng kalamidad. Ingles, Intsik, Koreano, Espanol, Portuges mula sa 14 Wika</p> <p>App Store  Google Play  </p> | <p style="text-align: center;">Nagoya City Prevention Map</p> <p>Makikita din sa cell phone ang mga mapa sa itaas. Maari ding makita ito sa wikang Ingles at Intsik. Libre ang pag-download nito.</p> <p>App Store  Google Play   </p> |

3 Lindol — Sa Japan ay madalas nangyayari ang lindol. Mangyaring tandaan ang mga dapat ihanda sa oras na lumindol.



Mula sa homepage ng NTTdocomo

○Maagang Babala sa Lindol

Bago pa man lumaganap ang lindol ay ilalabas ang babala sa tv at email tulad ng 「May paparating na lindol」 .

Kapag napansin ang babalang ito, ay gawing magtago sa ilalim ng mesa, at protektahan ang ulo at katawan.

(1) Mga dapat gawin kapag Lumindol

●Kapag nasa Bahay

- Magtago sa ilalim ng mesa, at protektahan ang ulo sa pamamagitan ng unan, libro o kaya'y bag.
- Lumayo sa bintana at pintuan na may babasagin
- Lumabas ng bahay kapag tumigil na ang pagyanig ng lindol.
- Kapag lilikas sa ligtas na lugar ay i-off muna ang gas at breaker ng kuryente upang hindi magkaroon ng sunog.



●Kapag nasa labas

- Lumayo sa mga gusali na maaaring matumba o mahulog gaya ng mga babasagin, pader, o billboard.


●Kapag nasa tabing dagat o ilog

- Maaaring magkaroon ng Tsunami. Magmadali na lumayo sa dagat at ilog. Magpunta sa gusaling inilaan na lilikasan kapag may lindol o sa mataas at ligtas na lugar.




(2) Magsagawa ng proteksyon upang hindi matumba o mahulog ang tv at mga kasangkapan sa loob ng bahay

Huwag maglagay ng mabigat na gamit sa loob ng kuwartong tinutulugan.



① Lagyan ng kasangkapang metal o pangharang ang pinto ng kabinet na nakabukas




② Lagyan ng fall prevention equipment ang refrigerator upang hindi matumba


Ang mga kagamitan na maaaring magamit para sa lindol ay mabibili sa mga Home Center


③ Lagyan ng L-shaped metal na pangkalang ang malalaking kagamitan upang hindi matumba

④ Lagyan ng shatter proof film ang mga babasagin upang hindi mabasag



⑤ Lagyan ng sapin o belt ang telebisyon upang hindi ito matumba





4 Kalamidad sa Bagyo at Baha — Ito ang tawag sa kalamidad sa matinding hangin at ulan. Madalas ang pag-ulan mula sa buwan ng Hunyo hanggang Oktubre. Marami ding paparating na bagyo. Madalas din ang pag-ulan ng maikling oras. Mga dapat gawin sa oras ng pagkakaroon ng matinding hangin at ulan na dapat tandaan sa paghahanda ay ang mga sumusunod.



- Alamin ang mga balita sa telebisyon o radyo upang malaman kung kailan darating ang bagyo, at kung kailan darating ang matinding hangin at ulan.

< Babala sa lagay ng Panahon • Alarma >

| | |
|----------------------|--|
| Babala | <p>Ipinapahayag ito sa oras bago mangyari ang kalamidad.</p> <p>Manuod o makinig ng balita at alamin ang sitwasyon sa labas.</p> <p>Alamin ang kakailanganin sa oras ng kalamidad, lilikasang ligtas na lugar o shelter, at ligtas na daan.</p> <p>Kagamitan sa labas ay ilagay sa loob ng bahay. Dahil delikado ang mga ito kapag dumating ang malakas na hangin.</p> |
| Alarma | <p>Ipinapahayag ito sa oras bago mangyari ang matinding kalamidad.</p> |
| Special Alarm | <p>Ipinapahayag ito sa oras na mangyari ang napakalakas na lindol, matinding ulan at hangin o kapag magkaroon ng tsunami. Matindi ang nangyayaring kalamidad at napaka-delikado.</p> |

- Alamin ang sitwasyon kung kinakailangan ang paglikas, sa pamamagitan ng mga balita sa telebisyon at radyo, o tingnan ang website.

< Impormasyon sa Paglikas >



| | |
|--|---|
| <p>【Alert Level 3】 Paghahanda sa Paglikas • Pagsisimula ng paglikas sa Matatanda, at iba pa</p> | <p>「Mangyayari ang kalamidad, maghanda sa paglikas」 ang ipinapahayag.</p> <p>Simulan na ang paglikas sa mga matatanda at bata na matatagalan sa paglilikas.</p> |
| <p>【Alert Level 4】 Payo sa Paglikas</p> | <p>「Mangyayari ang matinding kalamidad, magsilikas」 ang ipinapahayag.</p> <p>Isang «napakalakas na tunog» ng speaker ang gamit sa pagpapahayag.</p> <p>Lumikas ang lahat sa ligtas na lugar.</p> |
| <p>【Alert Level 4】 Pagbibigay Instruksyon sa Paglikas (Emergency)</p> | <p>「Mangyayari ang matinding kalamidad, napaka-delikado, agarang magsilikas」 ang ipinapahayag.</p> <p>Lumikas ang lahat sa ligtas na lugar.</p> |
| <p>【Alert Level 5】 Impormasyon sa Pagkakaroon ng Disaster o Kalamidad</p> | <p>「Nangyayari ang kalamidad malapit sa ating lugar」 ang ipinapahayag.</p> <p>Proteksyunan ang sariling buhay. Pumasok sa iyong bahay, o sa malapit na mataas na gusali atbp. Manatili sa loob ng bahay kapag delikado ang lagay ng sitwasyon sa labas.</p> |

- Iligpit ang kasangkapan sa labas ng bahay na madaling ilipad ng malakas na hangin. Importanteng bagay ay ilagay sa pangalawang palapag na silid.



5 Mga dapat ihanda sa oras ng paglilikas

- Kapag delikado ang manatili sa loob ng bahay, lumikas sa ligtas na lugar gaya ng parke o mataas na gusali.
- Huwag **sumakay** ng sasakyan, maglakad lamang sa oras na lilikas.
- Maaaring gamitin ng ninuman ang shelter. Makakahingi ng pagkain, inumin, at makakakuha ng impormasyon dito.
- Ginagawang shelter ang mga paaralan sa elementarya, junior high school atbp. Alamin kung saang lugar ang mga isinaad na emergency shelter o evacuation center. At pagpasyahan ng inyong pamilya kung saang shelter ang pupuntahan sa oras na mangyari ang kalamidad.

|  Isinaad na emergency shelter |  Isinaad na Evacuation Center |
|--|---|
| <p>Proteksiyunan ang sariling buhay, unahin ang pag-iwas sa delikadong bagay dulot ng kalamidad < signboard ng shelter (lilikasang lugar) ></p> <div data-bbox="213 741 866 931"> </div> <ul style="list-style-type: none"> • lumikas sa malawak na parke atbp. sa oras na mangyari ang lindol o sunog • lumikas sa mataas na palapag ng paaralan o gusali sa oras na mangyari ang tsunami o baha | <p>Ito ang pansamantalang masisilungang lugar kapag hindi makakauwi sa sariling bahay dulot ng pagkasira ng mangyari ang kalamidad gaya ng lindol, tsunami, o baha.</p> <div data-bbox="1230 853 1437 1099"> </div> |

6 Pagkain at inuming dapat nating ihanda

Sa oras ng kalamidad, kuryente gas at tubig ay walang operasyon. Walang masasakyang bus o tren.

At maghanda ng pagkain para sa loob ng **7 araw**.

Upang may dadalhin na pagkain sa loob ng 3 araw gamit ang bag (backpack) kapag lilikas sa shelter.

<Mga Bagay na Ihahanda>

pagkain (de lata o pagkaing may matagal ang expiration date)

tubig (3L sa isang araw para sa **1 tao**)

gamot

passport, resident card, insurance card

pera, xerox ng passbook, selyo

damit, towel


flashlight, lighter

gwantes, facemask

portble radio

mobile battery

wet tissue



Ang Lumikha: Nagoya City Hall International Exchange Division
 Editoryal na Superbisyon: Nagoya City Hall Disaster Crisis Management Bureau